

PANATILIHIN ANG ASD NA WALANG SINTOMAS



Health Screening sa Bahay para sa mga Magulang at Tagapag-alaga

Tanungin ang mga tanong na ito sa bahay bago papasukin ang mga mag-aaral sa paaralan. Ang sinumang sumasagot ng “oo” sa isa o higit pa sa mga tanong na ito ay hindi dapat pumasok sa paaralan o lumahok sa sport o aktibidad ng paaralan.

1 Sa loob ng huling 10 araw, na-diagnosed ka na may COVID-19 o nagkaroon ng positibong test para sa virus?

2 Mayroon ka bang alinman sa mga sintomas na ito sa huling 24 na oras?

- Lagnat (tinukoy bilang isang 100.4F na temperatura o mas mataas)
- Giniginaw
- Bagong problema sa paghinga o kapos sa paghinga
- Bagong ubo
- Pagtatae
- Pananakit ng tiyan
- Pagsusuka
- Pagkapagod
- Sakit sa Kasukasuhan
- Pananakit ng kalamnan o pananakit ng katawan
- Bagong pantal
- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng lalamunan
- Panakit ng ulo
- Baradong Ilong
- Sipon

3 Nakatira ka ba sa parehong sambayanan o mayroon kang close contact sa huling 14 na araw sa isang taong na test na positibo sa COVID-19? Mabibilang na close contact kung ikaw ay nasa loob ng 6 na talampakan nang higit sa 15 minuto (pinagsama-samang mahigit 24 oras), o kung may nakipag-ugnayan sa iyo mula sa pampublikong kalusugan upang ipaalam sa iyo na ikaw ay isang contact.

Tandaan: Kung ang isang bata o miyembro ng kawani ay nakatira sa isang tao na pinangalanan bilang isang contact, okay lang para sa bata o miyembro ng kawani na pumasok sa paaralan. Hindi namin kino-quarantine ang mga contact ng mga contact.

Manatili sa bahay o umuwi kaagad kung ang sagot ay OO sa isa o higit pang mga tanong sa itaas. Ang susunod na hakbang ay tumawag sa isang doktor at isaalang-alang ang pagkuha ng COVID-19 test. Huwag pumunta sa tanggapan ng doktor nang hindi muna tumawag. Humingi kaagad ng emergency na pangangalaga para sa hirap sa paghinga, sakit sa dibdib, pagkalito, pag-aantok, o iba pang mga matitinding nararamdaman.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat sumunod sa landas ng Mga Pagpipilian sa Pagbabalik sa Paaralan (tingnan ang likod) upang matukoy kung kailan papasukin ang mga mag-aaral sa paaralan. **HUWAG** papasukin ang mag-aaral sa paaralan kung may alinman sa mga sintomas sa itaas.



Anchorage School District
Educating All Students for Success in Life

www.asdk12.org

Mga Pagpipilian sa Pagbalik sa Paaralan

Para sa Sinumang may Sintomas ng COVID-19 o isang may Positibong Resulta ng COVID-19 test:

1

Kung ang test mo ay positibo, manatili ka sa bahay ng 10 araw pagkatapos ng iyong unang sintomas o positibong test, alinman ang mas nauna. Pagkatapos ng 10 araw, maaari kang bumalik sa paaralan kapag wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

2

Kung negatibo ang test mo, maaari kang bumalik sa paaralan kapag wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

3

Kung hindi ka makakakuha ng isang test, manatili sa bahay ng 10 araw. Maaari kang bumalik pagkatapos ng 10 araw kung wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

4

Kung natukoy ng iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan na ang iyong mga sintomas ay mula sa ibang bagay, maaari kang bumalik sa paaralan na may tala mula sa iyong provider hangga't wala kang lagnat sa loob ng 24 oras na hindi uminom ng gamot na nakakabawas ng lagnat, hangga't ang iba mong mga sintomas ay bumubuti na.

Ang nilalaman para sa flier na ito ay hiniram nang may pahintulot mula sa website ng Smart Start 2020 ng Alaska Department of Education and Early Development.

Anchorage School Board: Elisa Vakalis, President

Margo Bellamy

Dave Donley

Alisha Hilde

Andy Holleman

Starr Marsett

Deena Mitchell

Superintendent: Dr. Deena Bishop



AnchorageSchoolDistrict



@ASD_Info
@DrDeenaBishop



AnchorageSchoolDistrict



YouTube AnchorageSD